

Isang Multi-criterial na Pag-iiba ng Pangngalan at Pandiwa sa Romblomanon/Ini

Vicente Christopher A. Santiago

Abstrak

Inihaharap ng papel ang isang multi-criterial na pag-iiba ng mga sintaktikong kategoryang pangngalan (noun) at pandiwa (verb) sa Romblomanon/Ini. Malaon nang pinroblematisa ang mga sintaktikong kategorya sa mga wikang Pilipinas (WP) o kung mayroon nga bang mga ito. Para sa ilang lingguwista, ang tila napakalayang distribusyon ng mga salita sa anumang sintaktikong posisyon ay ebidensya laban sa pagkakategorisa ng mga salita sa mga WP. Ngunit kung titingnan ang a.) mga pantukoy na *si, ni, kay* at ang kanilang gamit at distribusyon, b.) mga negation pattern sa iba't ibang mga konstruksyon, at c.) frequency ng mga praseng (phrase) kinaiiralan ng mga pandiwa sa posisyong pang-argumento at ang mga partikular na komunikatibong pangangailangang sinasagot ng mga ganitong uri ng konstruksyon, makikitang pinag-iiba pa rin ng Romblomanon/Ini ang pangngalan at pandiwa bilang mga sintaktikong kategorya at hindi ganoon “kalaya” ang kanilang pag-iral sa iba't ibang sintaktikong posisyon.

Keywords: *mga sintaktikong kategorya, Romblomanon, Ini, gramatika*
ISO 639-3 language codes: *rol*

Introduction

Matagal nang isyu, sa kasaysayan ng teoryang panggramatika ang kategorisasyon ng mga salita. Sa mahabang inilakad ng usaping ito, ang mga categoryang pangngalan (noun) at pandiwa (verb)¹ ang masasabing pinakakonsistent kung lumitaw sa mga gramatikal na teorya at iba't ibang mga perspektiba. Sa paghahati pa lamang ni Plato sa *logos* sa dalawang bahagi na *ónoma* at *rhéma* ay bakas na ang mga simula ng dalawang categoryang ito.

Ngunit para sa mananaliksik, kinakailangang makita at maanalisa ang mga partikularidad; ang mga natatanging estruktura at estratehiya ng mga wika at kung paano kinokodigo ng mga ito ang mga Obheto at Aksyon (Croft, 1991).

Sa ngayon, sa pagtuklas at pag-analisa ng (mga) pamamaraan ng mga wika sa pagkokodigo ng mga Obheto at Aksyon, hindi dapat ito mapako sa iisang parte ng kabuuang sistema ng wika. Bagkus, mayroong pangangailang maging holistiko at multi-criterial (Mithun, 2000)² sa paglapit sa suliranin. Kung kaya't dapat tingnan hindi lamang ang semantika (hal., "nouns denote persons, places, or things; adjectives denote properties or qualities; verbs denote actions." (Croft, 1991, p. 38) kundi pati na ang morposintaktika; distribusyon, pagmamarka, at diskurso-pragmatika; reperensyalidad, pangangailangang komunikatibo ng mga tagapagsalita.

Profile ng Wikang Paksa ng Pananaliksik

Ang Romblomanon/Ini ay isa sa tatlong — sa ngayon ay nasa tatlo ang pagtataya — wika ng lalawigan ng Romblon: ang Romblomanon/Ini, Asi/Bantoanon, at (In)Onhan. Ang tatlong wikang ito'y nabibilang sa magkakaibang subgrupo sa ilalim ng tinatawag ni Robert Blust (1991) na "Bisayan complex" na binubuo ng iba't ibang mga speech variety na nagmula sa iisang Proto-Bisayan (Zorc, 1977). Ang Romblomanon/Ini ay isang direktang sanga ng Central Bisayan katulad ng wikang Waray. Ang iba pang wikang nabibilang sa subgrupong Central Bisayan ay Hiligaynon, Porohanon, Masbatenyon, at Capiznon (Lobel,

1 Piniling gamitin ang ilan sa terminolohiyang lingguwistiko na ipinanukala nina Ceña & Nolasco (2011) na nakatuntong sa orihinal na mga katawagang inisip ni Lope K. Santos (1939). Sa unang banggit ng isang termino, ibinibigay ang katumbas na Ingles sa panaklong ().

2 Bukod pa sa konsistensi ng pangngalan at pandiwa sa kasaysayan ng lingguwistikong pagsusuri bilang "major classes" (Croft, 1991, p. 42), nagsilbi ring inspirasyon ang pag-aaral na ito ni Mithun para ang pagtuunan muna ng pansin ay ang dalawang categoryang ito.

2002). Persepsyon din ng mga tagapagsalita ng Romblomanon/Ini ang mistulang paghahalo ng mga wikang Hiligaynon, Bikol, Waray, at Tagalog sa mga katangian ng kanilang wika (CLUP Technical Working Group, 2008, p. 21, Munisipalidad ng Romblon, 2012, p. 20).

Sa pinakahuling pagtataya, 94 000 ang bilang ng mga tagapagsalita ng Romblomanon/Ini na mayorya ay naninirahan sa isla ng Romblon (Eberhard, Simons, & Fennig, 2022). Sinasalita rin ito sa Munisipalidad ng San Agustin, sa isla ng Tablas sa kanluran at sa isla ng Sibuyan sa silangan (Lobel, 2002).

Sa mga naunang nailimbag na pag-aaral, “Romblomanon” ang mas malimit gamiting pangalan ng wikang paksa ng papel na ito. Samantala, “Ini” na isang demonstratibo na pangmalapitan (proximal demonstrative)³ ang naobserbahang tawag ng mismong mga tagapagsalita sa wika nilang ito (Belita et al., 2014a, 2014b). Ayon kay R. David Zorc, katangian ng mga wikang Bisayan ang pagkakaroon ng lokal na pangalan batay sa isang natatanging aspekto ng gramatika ng wikang iyon o isang natatanging parte ng bokabularyo. Ang ilang halimbawa ay *waráy* ‘wala’, *jaʔùn-jaʔún* ‘doon-doon’, *kanaʔ* ‘iyon’, *ʔilonggo* ‘mukhang ilong’, atbp. (Zorc, 1977, p. 5).

May sosyolingguwistikong dimensyon din ang usapin tungkol sa dalawang pangalang “Romblomanon” at “Ini”. Batay sa naisagawang fieldwork ng mananaliksik sa Munisipalidad ng Romblon, Lalawigan ng Romblon mula ika-27 ng Marso hanggang ika-1 ng Mayo 2014, may nairehistrong ilang negatibong sentimyento mula sa mga nakausap na residente at tagapagsalita sa iba’t ibang parte ng lalawigan hinggil sa katawagang *Romblomanon*. Anila, nararapat pa rin silang tawaging *Romblomanon* sa kabila ng kanilang pagsasalita ng ibang wika gaya ng (In)Onhan o Asi/Bantoanon dahil bahagi pa rin sila ng populasyon ng **lalawigan** ng Romblon (Belita et al., 2014a, 2014b).

Bagaman hindi pa muling nakabalik sa komunidad ang mismong mananaliksik, makatutulong kung titingnan na muna ang mga sumusunod na anekdota at sipi sa pagbibigay sa atin ng ideya sa mga konsiderasyon sa pangalan ng wika. Nabanggit ni G. Ishmael Fabicon (personal na komunikasyon, Ika-13 ng Mayo, 2022) na batay sa isang palihan ng mga manunulat mula sa lalawigan ng Romblon noong taong 2004, kinatigan ng mga dumalo mula sa San Agustin, Sibuyan, at Munisipalidad ng Romblon ang katawagang “Ini” para sa kanilang wika. Sa aklat naman ni Kristoffer Resos Esquejo (2015) ay nagagamit

3 Ang katumbas sa Tagalog ng naturang demonstratibo ay ito. Kung kaya’t literal na sinasagot ng isang tagapagsalita ng Romblomanon/Ini ang katanungang “Ano ang iyong sinasalita?” sa pagsasabing ang kanilang wika ay *Ini*.

ang parehong katawagang “Romblomanon” at “Ini”, ngunit implisito sa maraming pagkakataon ang paggamit ng “Romblomanon” para saklawin ang iba pang mga tagapagsalita ng iba pang mga wika sa lalawigan. Mahalagang banggitin na si Esquejo mismo ay tagapagsalita ng (In)Onhan. Ang ilang mga mag-aaral ng kursong Linggwistiks 166 (Sinaktik at Semantik na Pagkukumpara ng mga Wika ng Pilipinas) ay nakapagsagawa rin ng fieldwork sa Munisipalidad ng San Agustin, Lalawigan ng Romblon noong taong 2019 (Ayala, Cahilig, Malitao, & Tricano, 2019). Ayon sa isa sa kanila, mas madalas tawaging “Ini” ng kanilang mga konsultant ang ginagamit nilang wika (S. Ayala, personal na komunikasyon, Ika-17 ng Mayo, 2022).

Kung kaya, para sa papel na ito, isusulat na lamang bilang tambalan ang “Romblomanon/Ini”; ang una’y upang ikonekta ang papel sa mga naisulat na noon tungkol sa wika. Ang ikalawa naman ay para itampok ang autonym o pansariling katawagan ng komunidad.

Ilang Mahahalagang Bahagi ng Gramatika ng Romblomanon/Ini

Inilalahad sa mga sumusunod na subseksyon ang ilang estruktural na katangian ng Romblomanon/Ini na magsisilbing pundasyon sa pagtalakay ng suliranin ng pag-iiba ng pangngalan at pandiwa.

Mga Pantukoy

Gaya ng kalakhan sa mga wikang Pilipinas, karaniwang pinangungunahan ng mga pantukoy ang mga ipinagpapalagay na pangngalan sa Romblomanon/Ini. (Tatalakayin sa bahaging *Mga personal na pangngalan sa diskurso* ang mga pagkakataong hindi nasusunod ang kaayusang ito.) Sinasabing nakokodigo sa mga pantukoy na ito ang mga subclass ng mga pangngalan katulad ng personal/di-personal at tinutukoy ang mga semantikong gampanin (semantic role) ng mga ito sa pangungusap (Newell, 2006, p. 21). Makikita sa Talahanayan 1 ang mga pormang ito:

		ABS	ERG/GEN	OBL
Personal	Pang-isa	si	ni	kay
	Pangmaramihan	sina	nina	kana
Espesipiko		ang	ng/nang	sa
Di-espesipiko			ning	

Talahanayan 1. Mga Pantukoy ng Romblomanon/Ini

Sinasang-ayunan dito ang mga naunang pag-aaral nina Rence S. Law (1997) at Leonard E. Newell (2006) pagdating sa imbentaryo ng mga pantukoy, ngunit sinusunod sa papel na ito ang ibinalangkas

na pagsusuri nina Belita et al. (2014b) at Ayala et al. (2019) alinsunod sa mga kaukulang (case) ergatibo-absolutibo at ang pagkatransitibo (transitivity) sa mga batayang klosa (simple clause). Minamarkahan ng pantukoy na *ang* ang absolutibong (ABS) kaukulan para sa pinakaapektadong entidad sa isang transitibong klosa (transitive clause). Tingnan, halimbawa, ang pangungusap sa (1):

- (1) *Sinakay niya sa bike ang isa ka kaing*
 s<in>akay niya sa bike ang isa ka kaing
 <TR.PFV>sakay 3SG.ERG OBL bike ABS isa ENUM basket
 'Isinakay niya sa bike **ang isang basket**.'

(Belita et al., 2014b, p. 7)

Ang entidad na pinakaapektado sa kilos na *sinakay* 'sinakay' ay *ang isa ka kaing* 'ang isang basket'. Nakakodigo sa panlaping <in> ang pagkatransitibo ng konstruksyon. Bibigyan ng mas malawig na pagtalakay ang kahalagahan ng pagkatransitibo sa bahaging Si, ni, kay at *mga Personal na Pangngalan*.

May dalawang di-personal na pantukoy naman para sa ergatibo (ERG) na kaukulan o ang pinaka-ahentibo (agentive) sa isang transitibong klosa. Ito rin ang porma ng mga pantukoy para sa genitibo (GEN) o ang kaukulang nagmamarka sa posesibong relasyon. Ang dalawang magkaibang pantukoy na *ng* at *ning* ay nagpapaiba sa espesipiko (specific) at di-espesipiko (nonspecific) na argumento. Tingnan ang sumusunod na mga halimbawa:

- (2) *Hinaroan ng unga si Maria*
 h<in>aro-an ng unga si Maria
 <TR.PFV>halik-APPL ERG bata ABS.PS Maria
 'Hinalikan **ng bata** si Maria.'

(Belita et al., 2014b, p. 3)

- (3) *Tinaw-an niya ning prutas ang isa unga*
 t<in>aw-an niya ning prutas ang isa unga
 <TR.PFV>bigay-APPL 3SG.ERG GEN prutas ABS isa bata
 'Binigyan niya **ng prutas** ang isang bata.'

(Belita et al., 2014b, p. 5)

Naiiba ang dalawang argumentong *ng unga* ‘ng bata’ at *ning prutas* ‘ng prutas’ sa mga pangungusap (2) at (3) dahil sa pagiging tukóy at inidibiduwalisado ng binibigyang-turing na bata. Samakatuwid, espesipiko. Samantala, ang binibigyang-turing naman na prutas sa ikalawang pangungusap ay maaaring isa lamang, ngunit maari rin namang marami. Hindi ito espesipikado sa konteksto ng pangungusap.

Ginagamit naman kadalasan sa mga ekspresyong lokatibo o mga periperal na argumento ang oblikong (OBL) pantukoy na *sa*. Saklaw din ang mga argumentong nagpapahayag ng panahon, dahilan, direksyon, at paraan sa OBL na kaukulan. Tingnan, halimbawa, ang sumusunod na pangungusap:

- | | | | |
|-----|--|--------------------------------|---|
| (4) | <i>Nagkadto</i>
nag-kadto
<INTR.PFV>punta
'Pumunta siya sa puno ng peras.' | <i>siya</i>
siya
3SG.ABS | <i>sa puno ng peras</i>
sa puno ng peras
OBL puno GEN peras |
|-----|--|--------------------------------|---|

(Belita et al., 2014b, p. 4)

Mga Panghalip

Makikita naman sa Talahanayan 2 ang mga panghalip ng Romblomanon/Ini halaw kina Law (1997, p. 1) at Newell (2006, p. 28-31).

E3	Kailanan	ABS	ERG/GEN		OBL
			preposed	postposed	
			mahabang porma	maikling porma	
1		<i>ako</i>	<i>akon</i>	<i>nakon</i>	<i>sa akon</i>
2	pang-isahan	<i>ikaw</i>	<i>imo</i>	<i>nimo</i>	<i>sa imo</i>
	pangmaramihan	<i>kamo</i>	<i>indo</i>	<i>nindo</i>	<i>sa indo</i>
1 2	ingklusibo	<i>kita</i>	<i>aton</i>	<i>naton</i>	<i>sa aton</i>
	eksklusibo	<i>kami</i>	<i>amon</i>	<i>namon</i>	<i>sa amon</i>
3	pang-isahan	<i>siya</i>	<i>iya</i>	<i>niya</i>	<i>sa iya</i>
	pangmaramihan	<i>sinda</i>	<i>inda</i>	<i>ninda</i>	<i>sa inda</i>

Talahanayan 2. Mga Panghalip ng Romblomanon/Ini

Kapareho ng pagsusuring inilahad para sa mga kaukulan ng mga pantukoy ang pagsusuri sa mga kaukulan ng panghalip. Ang mahalagang pansining mga distingksyon sa mga panghalip ay sa panauhan (person) o ang relasyon ng tagapagsalita sa binibigyang-turing (1 = unang panauhan, 2 = ikalawang panauhan, 1 2 = pagsasanib ng una & ikalawang panauhan, 3 = ikatlong panauhan) at sa pagka-ingklusibo versus pagka-eksklusibo i.e., kung isinasali ba sa isang pangkat ng tagapagsalita ang binibigyang-turing na mga tao.

Sa kaukulang ERG/GEN din ay may distingksyong preposed versus postposed o kung umiiral ba ang panghalip bago o pagkatapos ng panaguri (predicate) ng klosa. Dagdag pa rito, sa ilalim ng postposed na uri ng mga ERG/GEN na panghalip, mayroong mahabang porma at maikling porma ang ilan sa kanila.

Mga Demonstratibo at Deictic

Makikita naman sa Talahanayan 3 ang mga demonstratibo (demonstratives/ demonstrative pronouns) at sa Talahanayan 4 ang mga deictic ng Romblomanon/In halaw rin kina Law (1997, p. 1-2) at Newell (2006, p. 32, 34).

Talahanayan 3. Mga Demonstratibo sa Romblomanon/Ini

Malapit sa Tagapagsalita (Proximal)	<i>ini</i>
Malapit sa Tagapakinig (Medial)	<i>ina</i>
Malayo sa Tagapagsalita at Tagapakinig (Distal)	<i>adto</i>

Talahanayan 4. Mga Deictic sa Romblomanon/Ini

	Pangkat 1	Pangkat 2	Pangkat 3
Malapit sa Tagapagsalita	<i>yari</i>	<i>diri</i>	<i>yari diri</i>
Malapit sa Tagapakinig	<i>yara</i>	<i>dira</i>	<i>yara dira</i>
Malayo sa Tagapagsalita at Tagapakinig	<i>yadto</i>	<i>didto</i>	<i>yadto didto</i>

Estruktura ng Pandiwa

Isang ring katangiang nag-uugnay sa Romblomanon/Ini sa iba pang mga wikang Bisayan at wikang Pilipinas ang dami ng iba't ibang kombinasyon ng mga panlaping maaaring kumabit sa mga pandiwa. Makikita sa balangkas sa Talahanayan 5 ang mga berbal na panlapi sa Romblomanon/Ini alinsunod kay Law (1997, pp. 4-5).

Focus	Realis	Irrealis	
Verb class	<i>Past</i>	<i>Progressive</i>	<i>Future</i>
Affirmative			
AGENT (Intransitive) = Activity	<i>nag-</i>	<i>naga-/ga-</i>	<i>ma-</i>
THEME (Transitive) ⁴	<i>ging-/<in></i> ⁵	<i>gina-</i>	<i>-on/i-</i>
THEME = Stative and Emotion	<i>na-</i>	---	<i>ma-</i>
THEME (Intransitive) ⁶ = Bodily Process	<i>nag-</i>	---	<i>maga-</i>
THEME (Intransitive)	<i>nag-</i>	<i>naga-</i>	<i>ma-</i>
NON-NUCLEAR THEME (INSTRUMENT)	<i>ging-/<in></i>	<i>gina-</i>	<i>i-</i>
LOCATION	<i>ging- -an</i> ⁷	<i>gina- -an</i>	<i>-an</i>
NON-NUCLEAR LOCATION (BENEFICIARY)	<i>ging- -an</i>	<i>gina- -an</i>	<i>-an</i>
LOCATION (Intransitive) = Stative	<i>na- -an</i>	---	<i>ma- -an</i>
Negative			
AGENT or THEME Negative	<i>nag-</i>	<i>naga-</i>	<i>maga-</i>

4 Ayon kay Law (1997, p. 4), ang pangkat ng mga pandiwang ito ay sumasaklaw sa mga pandiwa ng paggalaw na transitibo sa antas ng semantika (semantically transitive motion verbs), mga pandiwang pasanhi (causative verbs), mga pandiwang aktibidad na transitibo (activity transitive verbs), at mga pandiwang ditransitibo (ditransitive verbs).

5 Kaiba sa ginamit na transkripsyon ni Law (1997), ang mga gitlapi (infix) katulad ng *-in-* ay ipinaloob sa angled brackets < > sunod sa Leipzig Glossing Rules (Bickel, Comrie, & Haspelmath, 2015).

6 Ayon kay Law (1997, p. 4), bahagi ng pangkat na ito ang mga pandiwang hindi tumutukoy sa mga proseso ng katawan ng tao (non-bodily process verbs), mga pandiwa ng paggalaw na intransitibo sa antas ng semantika (semantically intransitive motion verbs), at mga meteorolohikal na pandiwa.

7 Sa orihinal na balangkas ni Law (1997, p. 4), nilagyan ng simbolong equals sign = ang pagitan ng dalawang panlaping bumubuo ng circumfix o panlaping sabay na kumakabit sa unahan at dula ng salita. Sa paglalahad ng balangkas sa papel na ito, hindi na isinali ang equals sign.

Focus	Realis		Irrealis
THEME Negative	<i>ging- -a</i>	<i>gina- -a</i>	<i>-on</i>
NON-NUCLEAR THEME (INSTRUMENT) Negative	<i>ging- -an</i>	<i>gina- -an</i>	<i>i-</i>
LOCATION Negative	<i>ging- -i</i>	<i>gina- -i</i>	<i>-an</i>

Talahanayan 5. Mga Berbal na Panlapi sa Romblomanon/Ini

Sa iskemang ito, sinusuri ang mga argumento sa pangungusap batay sa tatlong (3) unibersal na semantikong gampanin: AGENT, THEME, at LOCATION (Law, 1997, p. 4). Ang kadalasang ikaapat na semantikong gampanin na INSTRUMENT ay itinuturing na baryasyon lamang ng THEME (NON-NUCLEAR THEME). Ang BENEFICIARY ay itinuturing na baryasyon lamang ng LOCATION (NON-NUCLEAR LOCATION). Ang mga pandiwa ay kinakabit ng alinman sa mga ibinigay na mga panlapi batay sa kanilang relasyon sa ipinapahayag na pangyayari ng konstruksyon.

Mga Salitang Pangnegatibo

Ang mga salitang pangnegatibo sa Romblomanon/Ini ay ang mga sumusunod: *bukun/bukon, waya, ayaw, at indi* (Newell, 2006, Zorc, 1977, Rafael, 1976, Law, 1997). Narito ang ilang halimbawang pangungusap upang maipakita sa paunang pagsipat ang mga kontekstong kinaiiralan ng mga salitang pangnegatibo. Bibigyan ito ng mas malaliman pang pagtalakay sa seksyong *Negasyon sa Romblomanon/Ini*:

(5) *Pero, bukun* *gid* *ako* *sigurado* *kung* *adtoy*
 pero bukun gid ako sigurado kung adtoy
 CONJ NEG PRT 1SG.ABS sigurado CONJ DEM.DIST

gintaw-an *gid* *niya* *o* *ginbaligya* *niya* or what.
 gin-taw-an gid niya o gin-baligya niya or what
 TR.PFV-bigay-APPL PRT 3SG.ERG CONJ TR.PFV-benta 3SG.ERG o ano

‘Pero, **hindi** talaga ako sigurado kung binigyan talaga niya o binenta o ano.’
 (MMM_Pear_Story)

(6) *Waya* *gid* *ikaw* *kapareho*
 waya gid ika ka-pareho
 NEG PRT 2SG.ABS COM-pareho

‘Wala ka talagang kapareho.’
 (Dagampat, 2013 sinipi ni Berano, 2013, p. 30)

(7) *Ayaw* *gipabay-i*
 ayaw gi-pa-bay(a)-i
 NEG TR.PFV-CAUS-baya-IMP

ang maisot nga bayay
 ang ma-isot=nga=bayay
 ABS STAT-liit=LNK=bahay

ang antigo nga espiho
 ang antigo=nga=espiho
 ABS luma=LNK=salamin

kag kahoy nga kuwadro
 kag kahoy=nga=kuwadro
 CONJ kahoy=LNK=kahon

‘**Huwag** pabayaang/ang maliit na bahay/ang lumang salamin/at kahoy na kahon.’
 (Berano, 2013, p. 120)

<i>Sin-o</i>	<i>ang indi makalimot</i>	<i>sa</i>	<i>“Sangley”</i>
<i>sin-o</i>	<i>ang indi ma-ka-limot</i>	<i>sa</i>	<i>“Sangley”</i>
<i>Q</i>	<i>ABS NEG m(p)a-STEM-limot</i>	<i>OBL</i>	<i>“Sangley”</i>

<i>o</i>	<i>minsanginatawag na “Salon”.</i>
<i>o</i>	<i>minsangina-tawag=na=“Salon”</i>
<i>CONJ</i>	<i>TR.IPFV-tawag=LNK=“Salon”</i>

‘Sino ang **hindi** makakalimot sa ‘Sangley’ o minsan tinatawag na ‘Salon?’

(Berano, 2013, p. 39)

Pagbubuo

Batay sa inilahad na mahahalagang bahagi ng gramatika ng Romblomanon/Ini, maaaring mahinuha ang sumusunod na kayarian ng batayang klosa (basic clause structure). Ayon kay Newell (2006, p. 73), binubuo ng isang topic at comment ang batayang estrukturang klosa sa Romblomanon/Ini katulad ng makikita sa sumusunod:

(8)	<i>Ginpatindog</i>	<i>(nila)</i>	<i>ang iya</i>	<i>bisikleta</i>
	<i>gin-pa-tindog</i>	<i>(nila)</i>	<i>ang iya</i>	<i>bisikleta</i>
	<i>TR.PFV-CAUS-tayo</i>	<i>(3PL.ERG)</i>	<i>ABS 3SG.GEN</i>	<i>bisikleta</i>

‘Itinayo (nila) ang kaniyang bisikleta.’

(HMB_Pear_Story)

Para sa pangungusap sa (9), itinuturing ni Newell na comment ang bahagi ng pangungusap na *Ginpatindog* ‘itinayo’. Sa partikular na halimbawang ito na halaw sa natural na diskurso, may mga pagkakataong maaaring makaltas ang mga panghalip dahil naestablisa na sa nakaraang konteksto ang mga tumulong magtayo sa bisikleta (*nila*) ‘3PL.ERG’. Samantala, inaanalisa bilang topic ang bahaging *ang iya bisikleta* ‘ang kaniyang bisikleta’. Ang argumentong *iya bisikleta* ay namamarkahan ng ABS na pantukoy na *ang* alinsunod sa impleksyon

ng pandiwa sa mga panlaping transitibo na *gin-* at ang causative na panlaping *pa-*.

Maaaring sumailalim sa karagdagang proseso katulad ng relatibisasyon (relativization) ang mga konstruksyon sa Rombloanon/Ini. Ayon kay Law (1997, p. 41), ang relatibisasyon ay pagmomodipika ng isang subordinate clause sa isang argumento sa main clause. Minamarkahan ito ng pormang *nga* gaya ng makikita sa sumusunod na halimbawa:

- (9) *ang naval fleet* *nga* *inda* *ginabantayan*
 ang naval fleet nga inda gina-bantay-an
 ABS naval fleet REL 3PL.ERG TR.IPFV-bantay-APPL
 ‘ang naval fleet **na** kanilang binabantayan’

(Berano, 2013, p. 56)

Pagsasaad ng Suliranin

Ang pangkalahatang suliraning pampananaliksik ng papel na ito ay ang sumusunod: “Masasabi bang may pangngalan o pandiwa sa isang WP gaya ng Rombloanon/Ini?”

Sa pangkalahatang suliraning pampananaliksik na inilahad sa itaas ay may mga partikular na korolaryong katanungan. Anong morposintaktiko, semantiko, at diskurso-pragmatikong ebidensya ang maaaring iharap upang mapag-iba ang mga categoryang *pangngalan* at *pandiwa* sa Rombloanon/Ini?

Isang penomenon sa mga WP na nakatawag ng pansin ng di-iilang mga lingguwista ay ang pag-iral ng mga ipinagpapalagay na mga pandiwa sa mga posisyong inaasahang katatagpuan ng mga pangngalan. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

- (10) *Pagkatapos* *ng contest* *gina-anunsiyo* *ang mga nagpang-daog.*
 pagka-tapos ng contest gina-anunsiyo ang mga n(p)ag-paN-daog
 COMPL-tapos GEN contest IPFV-anunsiyo ABS PL INTR.PFV-STEM-talo
 ‘Pagkatapos ng contest **inaanunsiyo** ang mga **nanalo**.’

(Berano, 2013, p. 20)

- (11) *So, ang* *iya* *naisip* *baka* *imaw* *ini*
 so ang iya na-isip baka imaw ini
 DM ABS 3SG.GEN PFV.HAPP-isip DUB DEF DEM.PROX

<i>ang nagpangawat</i>	<i>ng</i>	<i>iya</i>	<i>mga prutas.</i>
ang n(p)ag-paN-(k)awat	ng	iya	mga prutas
ABS INTR.PFV-STEM-nakaw	GEN	3SG.GEN PL	prutas
'So, ang naisip niya, baka ito mismo ang nagnakaw ng kaniyang mga prutas			

(AMS_Pear_Story)⁸

Sa (11), matatagpuan ang dalawang pormang kakikitaan ng berbal na impleksyon: *gina-anunsiyo* 'inaanunsiyo' at *nagpang-daog* 'nanalo'. Ang kaibahan ng ikalawang porma ay umiiral ito pagkatapos ng *ang mga* 'ABS PL' sa kabila ng pagkakaroon nito ng berbal na impleksyon sa mga panlaping *n(p)ag-paN-*. Kumbaga, umiiral ito sa isang posisyong aasahang makitaan ng pangngalan. Tinatawag ang ganitong estrukturang "nominalized gerund", "nominalized verb", o "verbal substantive" ni Newell (2006, p. 18).

Sa (12) naman, ang dalawang salitang kakikitaan ng berbal na impleksyon ay *na-isip* 'naisip' at *n(p)ag-paN-(k)awat* 'nagnakaw'. Ngunit, ang ikalawa ay umiiral sa ipinagpapalagay na nominal na posisyon pagkatapos ng pantukoy na *ang*.

Ang ganitong behavior ng mga salita sa mga WP gaya ng Tagalog ang siyang nagbunsod sa ilan sa mga lingguwista (Himmelman, 1991, Gil, 1993a, 1993b, Foley, 1998, Himmelman, 2008) na magsabing, sa mga partikular na antas ng gramatika/pagsusuri, lumilitaw na walang distingksyon sa pagitan ng pangngalan at pandiwa sa mga WP. Ganito rin kaya sa Romblomanon/Ini?

Organisasyon ng Papel

Ang papel ay nahahati sa mga sumusunod na bahagi: Ang susunod na seksyon ay sarbey ng mga naunang pag-aaral. Sinikap matalakay ang ilan sa mga nailathalang argumento ng iba't ibang lingguwista kontra sa pag-iiba ng pangngalan at pandiwa sa mga partikular na antas ng gramatika/pagsusuri. Tinatalakay rin ang mga sagot ng panig ng mga lingguwistang nagnanais panatilihin ang distingksyon.

Sa seksyong pinamagatang *Metodolohiya*, inilalarawan ang datos sa wikang Romblomanon/Ini na ginamit sa pag-aaral at ang mga pamamaraan sa pagkuha at pagpoproseso rito.

Ang seksyong pinamagatang *Pangngalan at Pandiwa sa Romblomanon/Ini* ang sentral na bahagi ng papel kung saan makikita ang iba't ibang ebidensyang inihaharap para pag-ibahin ang pangngalan at pandiwa sa Romblomanon/Ini.

8 Inisyals lamang ng pangalan ng konsultant pangwika ang inilagay sa label ng halimbawa.

Sa *Kongklusyon*, binubuod ang kabuuang diskusyon at inihahapag ang mga kongklusyong mahihita mula sa iba't ibang ebidensya sa nakaraang seksyong *Pangngalan at Pandiwa sa Romblomanon/Ini*.

Nakalista naman sa dalawang pinakahuling seksyon ang mga reperensiya at mga daglat na ginamit sa papel na ito.

Mga Naunang Pag-aaral

Himmelmann (1991), Gil (1993a, 1993b), Foley (1998), at Himmelmann (2008)

Idinetalye ni Nikolaus Himmelmann sa kaniyang papel na *The Philippine Challenge to Universal Grammar* (1991) ang perspektiba na ang esensyal na estruktura ng klosa sa Tagalog ay “equational” (Naylor, 1980 & DeWolf, 1980, sinipi ni Himmelmann, 1991, p. 4). Halimbawa, kung titingnan ang sumusunod na konstruksyon (pinanatili ang orihinal na anotasyon):

(12) *mga* *buhók* *lamang* *ang* *pinuputol* *ng patalim*
REF PL hair only REF RDP 1 -REAL(UG)-cut GEN blade
'only the hair was cut by the blade'

(Bloomfield, 1917, sinipi ni Himmelmann, 1991, p. 10)

Itinuturing ang unang constituent na *mga buhók lamang* bilang nasa isang simpleng relasyon ng pagtutumbas sa ikalawang constituent na *ang pinuputol ng patalim*. May korelasyon daw ang equational na estrukturang pangklosa sa Tagalog sa hirap sa pagkilala ng mga sintaktikong kategorya. Kumbaga, anumang uri ng salita o pormasyon ay maaaring itumbas sa iba pang salita o pormasyon.

Pinag-iiba ni Himmelmann sa dalawang magkaibang antas ng gramatika/pagsusuri: ang “lexical semantic classes” at “major syntactic categories” (1991, p. 5). Para sa kaniya, ang “lexical semantic classes” ay para sa mga salitang tumutukoy sa mga entidad o sa mga pangyayari. Sa antas na ito umiiral ang mga ontolohikal na kategoryang Obheto at Aksyon ni William Croft na nabanggit sa introduksyon. Samantala, ang “major syntactic categories” ay mga uri ng salitang nagpapakita ng magkakatulad na morposintaktikong katangian. Ang mga kategoryang pangngalan at pandiwa ay umiiral sa antas na ito.

Para kay Himmelmann, nalulusaw ang distingusyong pangngalan-pandiwa sa Tagalog dahil sa kakulangan ng indikasyon sa morposintaktika – mga pantukoy at mga panlapi – na magpapaiba sana sa mga tinatawag na lamang niyang “event expressions” at “entity

expressions” (Himmelman, 1991, p. 5).

Dahil sa ganitong distribusyon at mga katangian, mungkahi naman ni David Gil na ituring na nabibilang na lamang sa iisang bukas na sintaktikong kategorya ang lahat ng mga salitang Tagalog, pati na ang mga “word strings” (Gil, 1993b). Sa una niyang papel ay “*parirala*” ang ipinanukala niyang katawagan sa iisang bukas na sintaktikong kategoryang ito –isang katawagan na, aniya, magdidistansya sa pagsusuri ng Tagalog sa mga lingguwistikong katawagan at konseptong nakaugat sa Greco-Romanong tradisyon (Gil, 1993a, p. 1137) sa kaniyang sumunod na papel ay binago niya ito at tinawag na lamang niyang “S0” ang iisang bukas na sintaktikong kategorya (Gil, 1993b, p. 392). Buhat sa kaniyang pangalawang papel ang pahayag/ prinsipyong “anything can go anywhere” (Gil, 1993b, p. 394). Kumbaga, ang anumang uri ng salita sa Tagalog ay maaaring umiral sa anumang sintaktikong posisyon. Sinipi ni Gil ang sumusunod na bahagi ng artikulo sa pahayagan upang patunayan ito:

- (13) *Sampung “Huey” transport helicopters ang pinapunta kahapon sa Central at Northern Luzon sa utos ni Air Force chief Maj. Gen. Gerardo Protacio para tumulong sa paghahanap at pagliligtas sa mga biktima ng lindol. Siyam na helicopter mula sa Visayas at Bicol region ang tutulong din sa malawak na rescue operation.* (Gil, 1993a, p. 1138)

Kapansin-pansin, aniya, ang pag-iral ng pormang may berbal na impleksyon na *pina-punta* pagkatapos ng pantukoy na *ang*; samakatuwid, gumagampan daw ito sa papel ng isang argumento (p. 1139).

Iniuugnay naman ni William Foley ang hirap sa pag-iiba sa mga pangngalan at pandiwa sa pagiging “simetriko” (symmetrical) ng sistemang boses (voice system) ng mga WP: isang sistemang boses na, aniya, natatangi sa mga dating isinusulong na sistema na nakasandig sa mga oposisyong aktiba-pasiba (active-passive), ergatibo-absolutibo, at unergatibo-unakusatibo (unergative-unaccusative) (Foley, 1998). Sa simpleng sabi, simetriko ang sistemang makikita sa mga WP dahil walang iisang uri ng noun phrase (NP) na pinapaboran upang gumanap na “pivot” (Dixon, Foley, & Van Valin, 1984 sinipi ni Foley, 1998) o ang NP na minamarkahan ng *ang* sa Tagalog. Anuman ang mapiling NP para gumanap na pivot, lagi itong may kaakibat na panlapi sa pandiwa na maghuhudyat ng boses nito. Sa mga wikang “asimetriko” (asymmetrical) naman, aniya, may isang uri ng NP na pinapaboran upang gumanap bilang “pivot” (Foley, 1998).

Kahawig ng perspektiba ni Himmelmann, sinasabi ni Foley na walang likas na argument structure ang mga pormang inaasahang “pandiwa” (hal., *bigay, halu*⁹) kung kaya’t hindi nararapat magtalaga ng mga tiyak na kalahok para sa “subkategorisasyon” (subcategorization) ng mga salitang ito. Ang kawalan ng pagkakaiba i.e., pagiging prekategoryal, ng mga ugat na pangngalan at pandiwa ang sinasabi ni Foley na pinakamahalagang batayan ng isang simetrikong sistemang bose.

Sa isang sumunod na papel ay iniugnay rin ni Himmelmann ang mga partikularidad ng sistemang bose ng Tagalog sa prekategoryal diumano na katangian ng mga salita rito (Himmelmann, 2008). Sa papel na ito, ang kaniyang esensyal na argumento – na sa antas ng mga sintaktikong kategorya ay walang pagkakaiba ang mga pangngalan at pandiwa sa Tagalog – ay nananatili, subalit pinino at binigyan ng higit na metikulosong diskusyon. Pinormalisa niya ang haka niyang ito bilang ang “syntactic uniformity hypothesis for content words” (Himmelmann, 2008, p. 267). Ayon sa perspektibang ito, mas produktibo na lamang daw suriin bilang simpleng serye ng salitang pangkayarian (function word) + salitang pangnilalaman (content word) ang mga prase sa Tagalog sapagkat maski ano namang salita ay maaaring umiral sa posisyon pagkatapos ng mga salitang pangkayarian nang hindi nilalagyan ng mga panlapi o sumasailalim sa iba pang mga deribasyonal na proseso.

De Guzman (1996) at Nolasco (2003)

Para naman sa ilang lingguwista, maaari pa ring makahinuha ng mga kategorya ng salita sa mga partikular na antas ng gramatika/pagsusuri.

Nakasandig ang pag-aaral ni Videia P. De Guzman (1996) sa konsiderasyon ng isang holistikong set ng pamantayan: morpolohikal, deribasyonal, at punsiyonal.

Tinalakay ni De Guzman na sumasailalim sa impleksyon sa bose at aspekto (aspect) ang mga “action or event root V (verb)” sa Tagalog. Mayroon ding pagsang-ayon (agreement) ang impleksyong ito sa gramatikal na simuno (grammatical subject) (De Guzman, 1996, p. 308). Ang iba pang mga prosesong maaaring ilapat sa mga pandiwa sa Tagalog (subalit hindi sa mga pangngalan at pang-uri) ay ang reduplikasyon sa *nang* (p. 308), (hal., *bumili nang bumili*, ngunit, **mestra nang mestra*, **maganda nang maganda*), pagpapakita ng plurality ng gramatikal na simuno (hal., *magsikain*, *mangagsikain*), pagpapakita

9 Sa ortograpiyang piniling gamitin ni Foley (1998), <u> ang ginamit sa huling patinig ng salitang madalas isulat bilang <halo>.

ng intensibong (intensive) porma (hal., *magkakain, magtutulong*), at pagpapakita ng moderatibong (moderative) porma (hal., *kumain-kain, mag-ayos-ayos*) (p. 309).

Para naman sa mga pangngalan, mahalagang diagnostiko ang mismong pagkakaroon ng distingksyon ng mga pangngalang pambalana (common nouns) at mga personal na pangngalan (p. 310); isang distingksyong nakita rin natin sa sistema ng mga pantukoy sa Romblomanon/Ini. Ang mga pangngalang nabibilang (countable nouns) din ay maaaring gawing maramihan sa pamamagitan ng “plural-marking particle” na *mga* (hal., *mga mestra, mga bahay*).

Mahalaga rin ang kontribusyon ni Ricardo Ma. D. Nolasco sa diskusyon sa paghahapag niya ng ebidensyang galing sa negasyon (hal., sa Tagalog, *ayaw/wala/huwag/hindi*, sa Romblomanon/Ini, *ayaw/waya/bukon/indi*) na nagsisilbing diagnostiko ng mga katagorya ng salitang nasa saklaw (scope) nito (Nolasco, 2003, p. 136).

Bukod dito, naglahad din si Nolasco ng ebidensya mula sa frequency ng mga salitang pumupuno sa mga posisyong pang-argumento sa tuloy-tuloy na diskurso sa ilang mga WP upang ipakita na posible naman ang inihahapag na ebidensya nina Gil et al. para sa prekatagoryalidad. Mayroon talagang umiiral na mga salitang itinuturing na mga pandiwa sa mga posisyong pang-argumento (Nolasco, 2003, p. 137). Iyon nga lamang ay madalang ang paglitaw ng mga ganitong uri ng konstruksyon. “Pragmatically-marked” ang mga konstruksyong ito.

Metodolohiya

Lahat ng datos na pasulat para sa Romblomanon/Ini na ginamit sa pag-aaral na ito ay kinuha mula sa librong *Hutik ng Taguipusoon* ni Hipolito Mallen Berano (2013), isang kalipunan ng mga artikulo, tula, at kuwento tungkol sa kasaysayan at kultura ng lalawigan ng Romblon.

Ang datos na pasalita naman ay ginawan ng transkripsyon mula sa mga naka-record na tuloy-tuloy na diskurso ng siyam (9) na konsultant na ipinanganak at patuloy na naninirahan sa bayan ng Romblon. Makikita sa Talahanayan 6 ang daglat ng kanilang mga pangalan, edad at okupasyon sa panahon ng partisipasyon sa pag-aaral, tirahan, at mga wikang ginagamit sa tahanan:

Daglat ng Pangalan	Edad sa Panahon ng Partisipasyon	Okupasyon sa Panahon ng Partisipasyon	Tirahan	Mga Wikang Ginagamit sa Tahanan
MJM	21	Mag-aaral ng Kolehiyo	Barangay Carmen, San Agustin, Romblon	Romblo-manon/Ini, Asi, Tagalog
HMB	53	Division Supervisor, Kagawaran ng Edukasyon	Barangay 4, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini
DPM	33	Staff, Tanggapan sa Turismo	Barangay Aglipa, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini
ERM	52	Staff, Tanggapan ng Alkalde	Barangay 3, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini, Tagalog
RR	45	Kalihim, Tanggapan ng Alkalde	Barangay Sablayan, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini, Tagalog, Bikol Sentral
LYA	32	Pulis, Community Relations Officer, Women & Children's Protection Desk	Barangay 2, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini, Tagalog
AMS	29	Pulis, Assistant Human Relations Doctrine Development	Barangay Capaclan, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini, Asi, Akeanon
MPC	37	Non-uniformed Personnel, Public Relations Officer	Barangay 4, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini, Tagalog
MMM	42	Guro sa Antas-Primarya, Master Teacher	Barangay Capaclan, Romblon, Romblon	Romblo-manon/Ini

Talahanayan 6. Mga Konsultant Pangwika

Isinagawa ang pangangalap ng datos na ito sa fieldwork ng mananaliksik kasama ng kaniyang mga kamag-aral sa klaseng Linggwistiks 125 – Mga Pangfild na Metod sa Munisipalidad ng

Romblon, Lalawigan ng Romblon mula ika-27 ng Marso hanggang ika-1 ng Mayo 2014. Sa pag-elicít ng kanilang pananalita ay gumamit ng bidyong *The Pear Film* (Chafe, 1975), pagpapakilala ng sarili, pagkukuwento ng isang interesanteng pangyayari at di-malilimutang karanasan, at pagbibigay-direksyon patungo sa isang espesipikong lugar. Ang lahat ng mga recording na ito ay umabot sa 1:14:15 at kasalukuyang nasa pangangalaga ng mananaliksik.

Ang pagpoproseso sa lahat ng mga transkripsyon ay isinagawarin sa tulong ng tICorpus 2011 Professional Concordance Software.

Pangngalan at Pandiwa sa Romblomanon/Ini

Sa seksyong ito ay ihahapag ang mga argumento para sa pagkilala ng mga sintaktikong kategoryang pangngalan at pandiwa sa Romblomanon/Ini.

Si, ni, kay: **Gamit at Distribusyon**

Isa sa mga usaping iniwang bukas ni Lawrence A. Reid (2002) sa kaniyang papel ukol sa malimit tawaging “determiners” sa mga wikang Pilipinas ay ang katayuan at karakterisasyon ng mga pormang *si, ni, kay*. Aniya, “A further question that arises is the status of forms that introduce personal names, such as Tagalog *si, ni, kay*. **Whether these are determiners, nouns, or even prepositions requires further research.** [idinagdag ang pagdiriin]” (Reid, 2002, p. 306).

Sumusunod ang papel na ito sa pagsusuri na, sa kabuuan, ang mga pormang *si, ni, at kay* ay mga salitang-pangkayarian – mga pantukoy. Subalit, sa mga pantukoy na ito ay may makikitang higit sa iisang gamit sa morposintaktika at sa diskurso-pragmatika (Nolasco, 2014, p. 2).

Si, ni, kay at mga Semantikong Gampanin

Sa isang banda, tama si Foley (1998, p. 3) sa pagsasabing ang *si, ni, kay* sa Tagalog ay mga ganap na pangmarka ng kaukulan (true case markers). Nakakodigo sa kanila ang mga semantikong gampanin o ang mga kalahok (participants) (Himmelmann, 1991, pp. 7-8) sa aksyon o pangyayaring ipinapahayag ng isang klosa.

Ayon kay Foley, kung ang isang kalahok ay gumaganap bilang sanhi, tagagawa, o tagapagsimula ng isang pangyayari o aksyon, ito ay tinatawag na tagapagpaganap (ACTOR). Samantala, kung ang kalahok ay naapektuhan o nababago ang lokasyon bunga ng aksyon o pangyayaring ipinapahayag sa klosa, ito ay tinatawag na sumasailalim (UNDERGOER) (Foley, 1998, p. 2).

Subalit, sa pag-analisa ni Nolasco sa mga WP ay nakitang

- (16) *Damu ang waya nakakilaya kay NVM Gonzales.*
 damu ang waya n(p)a-ka-kilaya kay NVM Gonzales
 QUA ABS NEG INTR.PFV-STEM-kilala OBL.PS NVM Gonzales
 ‘Marami ang hindi nakakakilala **kay NVM Gonzales.**’

(Berano, 2013, p. 82)

Makikita sa halimbawa (15) na ang *si* ay para sa nagsisilbing O, ang pinakaapektadong entidad sa isang transitibong konstruksyon (Nolasco, 2003, 2006). Ang argumentong *Padre San Agustin* ang nagsisilbing pinakaapektadong kalahok sa aksyon ng pandiwang *binutang*.

Sa (16), ang *ni* naman na inaanalisa rito bilang ergatibong marker ay para sa nagsisilbing A o ang ahente ng isang kanonikal na transitibong konstruksyon (Nolasco, 2003, 2006). Ang argumentong *Padre Capitan* naman ang nagsisilbing kalahok na siyang ahente ng aksyong *pinaugdok*.

Samantala, ang *kay* naman ay nagsisilbing pantukoy sa mga obliko, mga periperal na argumento sa isang klosa (Nolasco, 2003, 2006). Sa (17), ang kalahok na binibigyang-turing ng pangalang *NVM Gonzales* ay nakakodigo bilang obliko. Kumbaga, hindi ito tumatayo sa anumang direktang relasyon sa pandiwa/panaguri ng konstruksyon na (*waya*) *nakakilaya*.

Gaya nga ng nasabi na, ang pagkakapare-pareho ng lahat ng mga argumentong ito –*Padre de San Agustin, Padre Capitan*, at *NVM Gonzales* ay ang kanilang pagtukoy sa mga tiyak na personalidad.

Mga personal na pangngalan sa diskurso

Sa kaso ng mga halimbawang pangungusap na (15)-(17), may mga tiyak na reperente sa tunay na mundo na binibigyang-turing at ipinakikilala sa teksto. Hindi sila maaaring mapalitan ng iba pang uri ng pangngalan. Lalong hindi maaaring palitan ng pandiwa, gaya ng makikita sa mga sumusunod na di-gramatikal na halimbawa:

- (17) **Damu ang waya nakakilaya kay nagsulat ng The Bread of Salt.*
 damu ang waya n(p)a-ka-kilaya kay nag-sulat ng *The Bread of Salt*
 QUA ABS NEG INTR.PFV-STEM-kilala OBL.PS INTR.PFV-sulat GEN *The Bread of Salt*
 ‘*Marami ang hindi nakakakilala **kay nagsulat ng *The Bread of Salt.***’

Nagmumula ang pagiging di-gramatikal ng pangungusap ang pag-iral ng isang pormang may berbal na impleksyon *nag-sulat* sa posisyong pinangungunahan ng personal na pantukoy na *kay*. May

kaparehong karakter ang naunang halimbawa sa mga konstruksyong inihaharap bilang ebidensya ni Gil (1993a, p. 1140) para suportahan ang hypothesis na “anything can go anywhere”:

- | | | |
|------|-----------------------------------|---|
| (18) | (a) <i>Lolo ang bangkero</i> | “The boatman is a grandfather” |
| | (b) <i>Lolo ang bumalik</i> | “The one who returned is a grandfather” |
| | (c) <i>Lolo ang mabait</i> | “The kind one is a grandfather” |
| | (d) <i>Lumabas ang bangkero</i> | “The boatman went out” |
| | (e) <i>Lumabas ang bumalik</i> | “The one who returned went out” |
| | (f) <i>Lumabas ang mabait</i> | “The kind one went out” |
| | (g) <i>Malungkot ang bangkero</i> | “The boatman is sad” |
| | (h) <i>Malungkot ang bumalik</i> | “The one who returned is sad” |
| | (i) <i>Malungkot ang mabait</i> | “The kind one is sad” |

Para kay Gil, maaari nang mahinuha mula sa mga pangungusap na ito na gramatikal at katanggap-tanggap ang pagkakaroon ng seryeng pantukoy+salitang may impleksyon sa Tagalog hal., *ang+bumalik, ang+ma-bait*.

Balik sa Romblomanon/Ini, may mga pagkakataon din namang hindi nagbibigay-turing sa mga tiyak na personalidad sa tunay na mundo ang mga argumentong ipinakikilala ng *si, ni, at kay*. Sa mga pagkakataong ito, nagbibigay-turing ang mga argumentong ito sa mga personalidad na nasa “mundong” likha ng may-akda o may-katha sa naratibo. Tingnan ang sumusunod na halimbawa mula sa isang tula:

- | | | | | | |
|------|--------------|-------------------|----------------|-------------|----------------|
| (19) | <i>May</i> | <i>mag-asawa,</i> | <i>si Simo</i> | <i>kag</i> | <i>si Sima</i> |
| | may | mag-asawa | si Simo | kag | si Sima |
| | EXIS | ASSC-asawa | ABS.PS Simo | CONJ | ABS.PS Sima |
| | <i>permi</i> | <i>ga-inaway</i> | <i>sa</i> | <i>inda</i> | <i>pag-iba</i> |
| | permi | ga-<in>away | sa | inda | pag-iba |
| | ADV | PROG<TR.PFV>away | OBL | 3PL.GEN | STEM-sama |
- ‘May mag-asawa, **si Simo** at **si Sima** laging nag-aaway, sa kanilang pagsasama.’

(Berano, 2013, p. 96)

Kung hindi maaaring umiral ang iba pang uri ng pangngalan bukod sa mga personal na pangngalan sa mga posisyong kakikitaan ng *si, ni, at kay*, maitatanong kung umiiral ba ang mga personal na pangngalan nang wala ang mga pantukoy na ito? Ang sagot ay oo. Tingnan ang halimbawa (21):

- | | | | |
|------|-------------------------------|--------------------------------------|---------------------|
| (20) | <i>Ang tunay nga pangayan</i> | <i>ni</i> | <i>NVM Gonzales</i> |
| | ang tunay=nga=pangayan | ni | NVM Gonzales |
| | ABS tunay=LNK=pangayan | GEN.PS | NVM Gonzales |
| | <i>hay</i> | <i>Nestor Villa Madali Gonzales.</i> | |

PRT Nestor Villa Madali Gonzales
 ‘Ang tunay na pangalan ni NVM Gonzales ay **Nestor Villa Madali Gonzales.**’

(Berano, 2013, p. 82)

Sa (21) ay walang makikitang pantukoy na *si*, *ni* o *kay* kasama ang personal na pangngalang *Nestor Villa Madali Gonzales*. Ngunit kung isasaalang-alang ang pragmatika ng konstruksyon, makikitang ang pangngalang *Nestor Villa Madali Gonzales* ay argumentong hindi tumutukoy sa anumang kalahok sa klosa. Totoong may reperente sa tunay na mundo na may pangalang *Nestor Villa Madali Gonzales*. Ngunit, sa partikular na konstruksyong ito, ang *Nestor Villa Madali Gonzales* ay isang pangngalan bilang pangalan ng tao at hindi ang aktuwal na taong tinutukoy. May coreferentiality ito sa argumentong *Ang tunay na pangayan* sa unang constituent ng pangungusap.

Pagbubuod: *Si*, *ni*, *kay* bilang ulo ng prase

Makikita sa mga praseng kinaiiralan ng mga pantukoy na *si*, *ni*, *kay* ang malakas na ebidensya laban sa tesis na “anything can go anywhere” sa sintaktikong distribusyon dahil sa napaka-restricted na pag-iral ng mga salita kasama ng mga ito. Wala nang ibang maaaring pumuno ng mga posisyon pagkatapos ng *si*, *ni* o *kay* kundi ang mga pangngalan, partikular pa, mga personal na pangngalan.

Ang mga personal na pangngalang ito ay mga argumentong maaaring tumanggap ng iba’t ibang uri ng semantikong gampanin tulad ng ahente o pinakaapektadong-entidad sa isang klosa. Sa tuwing umiiral ang mga personal na pangngalan nang walang pantukoy na *si*, *ni*, o *kay*, ang reperente ng mga ito ay ang **pangalan** ng isang tao o entidad, at hindi ang mismong tao o entidad na iyon.

Lumilitaw na napakahalaga ng tungkulin ng mga pantukoy na ito sa interpretasyon ng mga praseng kinaiiralan nila. Ang ipinakitang pagkakaiba sa interpretasyon na ibinubunga ng presensya/kawalan ng mga pantukoy na *si*, *ni*, *kay* ay may mga implikasyon sa kanilang karakterisasyon bilang mga salitang-pangkayarian. Kung sila ang nagdidikta sa kalikasan ng praseng kanilang kinaiiralan, marahil ay mas marapat na sila ang ituring na ulo ng prase imbis na ang salitang-pangnilalaman tulad ng *Padre de San Agustin*, *Padre Capitan*, o *NVM Gonzales* sa mga halimbawa.

Kung gayon, ang pagsusuri na ito ay konsistent, sa isang banda, sa perspektiba ni Reid tungkol sa *ang* at ang katayuan nito bilang ulo ng prase (Reid, 2002). Sinusuhayan nina Himmelmann at Nolasco, ang pananaw na ito (Himmelmann, 2008, Nolasco 2014).

Sa gramatikang transformational-generative (partikular na ang bersyong Principles & Parameters o “Government & Binding Theory”) ay nauna nang magkaroon ng ganitong mga pagbabago sa pagsusuri. Ayon kay Steven Paul Abney, sa wikang Ingles, elementong pangkayarian (functional element) ang nagsisilbing ulo ng prase kung kaya’t ang noo’y noun phrase (NP) ay sinusuri na bilang determiner phrase (DP) upang maging konsistent sa estruktura ng kabuuang pangungusap na, sa puntong iyon ng development ng teorya, ay ipinagpapalagay nang may elementong pangkayarian bilang ulo (Abney, 1987).¹⁰

Negasyon sa Romblomanon/Ini

Nabanggit sa isang naunang seksyon na mayroong apat na salitang pangnegatibo ang Romblomanon/Ini: *bukun/bukon, waya, ayaw, at indi*. Kahit na nagkakasundo ang mga iskolar sa kung ano ang apat na salitang ito, nagkakaiba ang kanilang pagsusuri/account sa gamit ng mga ito; para mas maging espesipiko, sa mga salitang nasasaklaw ng negasyon ng bawat salitang pangnegatibo.

Makikita sa Talahanayan 7 ang paglalarawan ni Zorc sa gamit ng apat na salitang pangnegatibo:

Salitang Pangnegatibo	Gamit/ Karakterisasyon
<i>bukón</i>	predicative
<i>qayáw</i> ¹¹	prohibitive
<i>wayáq</i>	existential
<i>qíndiq</i>	future preverb

Talahanayan 7. Mga Salitang Pangnegatibo sa Romblomanon sa

10 Bukod pa sa mga implikasyon ng ganitong pagsusuri sa *si, ni, kay* at sa kanilang katayuan bilang mga salitang-pangkayarian, may mga implikasyon din ito sa pag-aaral ng mga wikang Pilipinas sa kabuuan. Ang isang posibleng lapit sa binuksang isyu ay panatilihin pa rin ang mga nakasanayan nang label katulad ng “determiner”, “case marker”, “article”, “pantukoy”, atbp. ngunit siyasatin sa mas espesyalisadong mga pag-aaral ang reperensiyal na kapangyarihan ng mga pormang ito. Sa deskriptibong mga pag-aaral (katulad ng kina Law, 1997 at Newell, 2006) na talaga namang kinakailangan sa konteksto ng Pilipinas, hindi siguro basta-basta iwawaksi ang mga nakasanayan nang categoryang nakatulong na nang matagal sa paglalarawan sa mga estruktura ng wika ng tao.

11 Ginamit ni Zorc (1977) ang simbolong <q> para sa impit o glottal stop [ʔ].

Pagsusuri ni Zorc (1977, p. 149)

Sa pagsasabing “predicative”, tinitingnan ni Zorc ang *bukón* bilang salitang pangnegatibong nakalaan para sa mga nominal, pang-uri, at coreferential predicates (Zorc, 1977, p. 149). Kumbaga, ang *bukón* ang nagsisilbing mismong panaguri sa mga konstruksyon. Hindi nagbigay ng mga halimbawang pangungusap si Zorc para sa Romblomanon/Ini, ngunit maaring suriin ang isang ehemplo mula sa datos sang-ayon sa ganitong pagkakategorya ni Zorc:

- (21) *O sa ini mga punsyon, sa mga pista-pista na ni,*
o sa ini mga punsyon sa mga pista~pista=na=(i)n
 CONJ OBL DEM.PROX PL punsyon OBL PL RED~pista=LNK=DEM.PROX
- indi ako basta magkaon kung bukón nindo kilala*
indi ako basta m(p)ag-kaon kung bukón nindo kilala
 NEG 1SG.ABS basta INTR.IPFV-kain COND NEG 3PL.GEN kilala
- ang naga-offer sa indo ning pagkaon...*
ang n(p)a-ga-offer sa indo ning pagkaon
 ABS INTR.PFV-PROG-offer 2PL.OBL GEN pagkain
 ‘O sa mga punsyon na ito, sa mga pista-pista na ito, hindi ako basta kakain kung **hindi** ninyo kilala ang mga nag-o-offer sa inyo ng pagkain.’

(MMM_Interesting_Story)

Sa halimbawang ito mula sa isang mas mahabang monologo ng konsultant pangwika, sinasaklaw ng salitang *bukón* ang buong klosang *nindo kilala ang naga-offer sa indo ning pagkaon*. Magreresulta sa di-gramatikal na konstruksyon ang paglalagay sa iba pang mga salitang pangnegatibo sa naturang konteksto: **kung (qayáw/wayáq/qíndiq) nindo kilala ang naga-offer sa indo ning pagkaon...*

Ang “prohibitive” na *qayáw* naman ay ginagamit sa mga “strong commands” at nagne-negate sa mga pandiwang nasa anyong “past aorist” (Zorc, 1977, p. 150). Tingnan naman natin ang isang halimbawa muli sa tulang *Pangabay* ni Hipolito M. Berano:

- (22) *ayaw pagduha-duha nga kami balikan*
ayaw pag-duha~duha=nga=kami balik-an
 NEG STEM-mangamba=LNK=1PL.ABS.EXCL balik-APPL
- imo nga amigo*
imo=nga=amigo
 2SG.GEN=LNK=kaibigan
- sa imo, gahuyat lang.*
sa_imo ga-huyat lang

2SG.OBL INTR.IPFV-hintay PRT
 huwag mangamba na kami’y balikan/ang iyong kaibigan/sa iyo’y naghihintay
 (Berano, 2013, p. 64)

Ginamit ng persona ng tula ang salitang *qayáw* para utusan ang kaniyang kausap na huwag mag-alinlangang bumalik sa kanila bilang mga kaibigan.

Ang negatibong eksistensyal naman na *wayáq*, sa direktang salin, ay “wala” o “di-umiiral”. Kumbaga, asersyon ito ng di-pag-iral ng isang nominal. Ginagamit din ito upang magpahayag ng di-pagmamay-ari. Panghuli, ginagamit din daw ito sa mga pandiwa – mga pandiwang may pormang “non-past aorist” (Zorc, 1977, p. 150). Halimbawa:

(23) *Waya gid gakaon sa paon nga ginhuyog*
 waya gid ga-kaon sa paon=nga=gin-huyog
 NEG PRT INTR.IPFV.PROG-kain OBL pain=L.NK=TR.PFV-hulog
 ‘Hindi talaga kumakain ng pain na inihulog’

(Berano, 2013, p. 32)

Sa halimbawang ibinigay, nine-negate ng salitang *wayáq* ang panaguring *ga-kaon* na tinitingnan ni Zorc bilang may pormang non-past aorist.

Panghuli, ang *qíndiq* ay ginagamit sa pagne-negate ng isang pandiwang nasa panghinaharap na panahunan. Halimbawa:

(24) *Ang akon indi gid malimutan nga experience*
 ang akon indi gid ma-limut-an=nga=experience
 ABS 1SG.GEN NEG PRT INTR.IPFV-limot-APPL=L.NK=experience

sa gabus akon kabuhi
 sa gabus akon kabuhi
 OBL lahat 1SG.GEN buhay

hay na ako mag-graduate sa college.
 hay na ako m(p)ag-graduate sa college.
 PRT PRT 1SG.ABS INT.STEM.IPFV-graduate OBL college
 ‘Ang aking hindi talaga malilimutan na experience ay na ako’y grumadweyt sa college.’

(MMM_Unforgettable_Experience)

Sa pangungusap sa (25), nasasaklaw ng negasyon ng *qíndiq* ang

panaguring *ma-limutan*=*nga*=*experience*.

Gamit ang teoretikal na lapit na Generative Semantics, inaanalisa naman ni Teresita C. Rafael ang mga salitang pangnegatibo sa Rombloanon/Ini bilang nabibilang sa limang “NEG Type” o tipo ng negasyon. Tingnan ang Talahanayan 8:

NEG type	Gamit/ Karakterisasyon
NEG [Event] _s	<i>wayáq</i> ¹² , <i>indiq</i>
NEG [State] _s	<i>bukún</i>
NEG [Desiderative] _s	<i>bukún</i> , <i>indiq</i>
NEG [Existential] _s	<i>wayáq</i>
Prohibitive	<i>ayáw</i> , <i>indiq</i>

Talahanayan 8. Mga NEG Type ni Rafael (1976)

Ang tipong NEG [Event]_s ay naglalarawan sa negasyong nakalaan sa mga proseso o aktibidad i.e., mga berbal na panaguri (Rafael, 1976, p. 61). Sa NEG Type na ito, ginagamit ang salitang *wayáq* para sa mga proseso o aktibidad na nasimulan na/ patuloy na nagaganap (actual) at *indiq* para sa mga proseso o aktibidad na hindi pa nasisisimulan o inaasahan pa lang na isagawa (non-actual). Tingnan natin ang sumusunod na mga halimbawa:

- (25) *wayáq akú nagbakáy niñ bárúq pára sa unáq*[sic]
'I **did not** buy a dress for the child'

(Rafael, 1976, p. 71)

- (26) *indiq aku mabakay niñ baruq para sa unaq*
'I **will not** buy a dress for the child'

(Rafael, 1976, p. 73)

Makikita natin sa salin ni Rafael sa Ingles ang distingksyon ng *did not* (actual) at *will not* (non-actual) upang ipakita ang pagkakaiba sa punsyon ng *wayáq* at *indiq* sa ilalim ng NEG [Event]_s.

Ang NEG [State]_s naman ay negasyon para sa mga klosang kakikitaan ng nominal, o descriptive structure sa puwesto ng panaguri. Halimbawa:

12 Sa transkripsyon ni Rafael (1976) ang impit o glottal stop [ʔ] ay nirerepresenta ng letrang <q>. Kaiba kay Zorc (1977), hindi niya ipinagpapalagay na may inisyal na glottal stop ang mga salitang *indiq* at *ayáw*. Mayroon ding indikasyon ng diin sa mga salita sa pamamagitan ng acute accent sa mga patinig.

(27) *bukún siyá maqéstru*
 'he is **not** a teacher'

(28) *bukún iní pára sa imu*
 'this is **not** for you'

(Rafael, 1976, p. 101)

Makikita sa halimbawa (28) ang pag-negate ng *bukún* sa klasipikasyon ng panghalip na *siyá* bilang *maqéstru*. Sa (29) naman, nine-negate ng *bukún* ang buong praseng *pára sa imu*.

Makikita sa (30) ang halimbawang pangungusap para sa NEG [Desiderative]_s:

(29) $\left\{ \frac{\textit{bukún}}{\textit{indiq}} \right\}$ *niyá gústu ináq*

'Hindi niya gusto iyan'¹³

(Rafael, 1976, p. 116)

Ipinapahayag ng NEG [Desiderative]_s ang hindi pagkagusto ng isang tao sa isang bagay. Dagdag pa rito, ayon kay Rafael, ang variant na *indiq* sa NEG Type na ito ay impluwensya ng kalapit-wikang Hiligaynon (1976, p. 117).

Para naman sa NEG [Existential]_s, tingnan ang halimbawa (31):

(30) *wayáq (niñ) libru sa lamisa*
 'NEG [Existential]_s a book on the table'

(Rafael, 1976, p. 137)

Ang proposisyon ng pangungusap sa (31) ay ang kawalan ng libro sa lamesa.

Panghuli, tingnan sa pangungusap (32) ang paggamit ng Prohibitive o ang mga salitang nagbabawal sa isang kilos o aksyon:

(31) $\left\{ \frac{\textit{ayáw ka magsáqut}}{\textit{indiq ka magsáqut}} \right\}$

'Don't dance'

(Rafael, 1976, p. 126)

Sa ibinigay na halimbawa, kapuwa maaaring magbawal sa kilos

13 Akin ang pagtutumbas sa Tagalog.

o aksyon na *magsáqut* ‘sumayaw’ ang mga salitang pangnegatibong *ayáw* at *indi*.

Nasa Talahanayan 9 naman ang pagsusuri ni Law sa mga salitang pangnegatibo. Hindi ito nalalayo sa sariling pagsusuri ni Newell (2006):

Salitang Pang-negatibo	Salitang Sumasailalim sa Negasyon
<i>indi</i>	Negative Imperative with Semantically Intransitive Verb and Second Person Pronoun
<i>ayaw</i>	Negative Imperative with Semantically Transitive Verb without Second Person Pronoun (Theme Focus)
<i>bukon</i>	Description, Classification, Identification, Quantification, Time, Location Nonverbal Clause Types
<i>waya</i>	Non-Existence, Non-Possession

Talahanayan 9. Klasipikasyon ni Law (1997) ayon sa Uri ng Klosa

Para sa salitang pangnegatibong *indi*, tingnan ang mga sumusunod na halimbawa. Pinanatili ang paraan ng anotasyon ni Law:

(32) *Indi* *ka* *malibog*
indi *ka* *ma-* =*libog*
 don't 2SG/ABS IMPER=worry
 'Don't worry.'

(33) *Indi* *ka* *magluto*
indi *ka* *mag-* =*luto*
 don't 2SG/ABS IMPER=cook
 'Don't cook!'

(Law, 1997, p. 12)

Ang mga pandiwang *ma-=libog* at *mag-=luto*, sa pagsusuri ni Law, ay intransitibo sa antas ng semantika. Ang paggamit din daw ng *indi* ay may rekisitong paglitaw ng panghalip na *ka* na nasa ikalawang panauhan, kaukulang absolutibo.

Kung magkakaroon ng pandiwang **transitibo** sa antas ng semantika at kung hindi ipapahayag ang panghalip na *ka* sa ikalawang panauhan at nasa THEME focus, ang gagamiting salitang pangnegatibo ay *ayaw*:

(34) *Ayaw* *malibog* **Ayaw maglibog*
ayaw *ma-* =*libog*

don't IMPER/TH=worry
'Don't worry!'

- (35) *Ayaw* *maglimpyo* **Ayaw malimpyo*
ayaw *ma-* =*limpyo*
 don't IMPER/TH=clean
 'Don't clean!'

(Law, 1997, p. 12)

Mayroon ding karagdagang restriksyon sa panlaping *mag-* versus *ma-* ayon sa didikitang pandiwa.

Para sa salitang pangnegatibong *bukon*, tingnan ang sumusunod na halimbawa:

- (36) *Bukon matä'as ang unga*.¹⁴
 'The child is **not** tall.'

(Law, 1997, p. 21)

Sa kaniyang diskusyon, ipinaliwanag niyang nasasaklaw ng *bukon* ang comment ng pangungusap na *matä'as* na inuuri niya bilang isang description nonverbal clause type. Ang iba pang nonverbal clause types na classification, identification, quantification, time, at location ay pawang ginagamitan ng salitang pangnegatibong *bukon*. Makikita sa mga pangungusap (38)-(42) ang paggamit ng *bukon* para sa mga nonverbal clause types na ito:

- (37) Classification
Bukon miyugpangisda si Karlos.
 'Karlos is **not** a fisherman.'

(Law, 1997, p. 21)

- (38) Identification
Bukon si Misis Rosales ang nars didto.
 'The nurse there is **not** Mrs. Rosales.'

(Law, 1997, p. 22)

- (39) Quantification
Bukon lima ang pispis
 'The birds are **not** five.'

(Law, 1997, p. 22)

- (40) Time
Ang kuronasyon nang reyna hay bukon niyan sa gab'i
 'The coronation of the queen is **not** tonight.'

(Law, 1997, p. 23)

14 Sa ortograpiya naman ni Law (1997), nirerepresenta ang haba ng segment sa pamamagitan ng paglalagay ng umlaut <ä,i,ü>. Ang impit o glottal stop naman ay nirerepresenta ng kuwit <'>. Katulad ni Rafael (1976), hindi ipinagpapalagay ni Law na may inisyal na glottal stop ang mga salitang *ayaw* at *indi*'.

- (41) Location
*Ang pyista hay **bukon** sa Aklan.*
 'The fiesta is **not** in Aklan Island.'

(Law, 1997, p. 23)

Tingnan naman ang sumusunod na halimbawa para sa salitang pangnegatibong *waya'*:

- (42) *Waya' (ning) isda' sa pinggan.*
 'There is **no** fish on the plate.'

(Law, 1997, p. 24)

Nine-negate ng salitang *waya'* ang pag-iral ng *isda'* sa plato (non-existence). Makikita naman sa sumusunod na halimbawa ang pag-negate sa pagmamay-ari (non-possession):

- (43) *Waya' (ning) tindahan si Diding.*
 'Diding has **no** store.'

(Law, 1997, p. 25)

Pagbubuod

Nakita natin sa katatapos lamang na pagtalakay ang mga salitang pangnegatibong *bukon*, *waya*, *ayaw*, at *indi* ayon sa pagsusuri nina Zorc, Rafael, Law, at Newell. Nakadepende ang pipiliing salitang pangnegatibo ng isang speaker ng Romblomanon/Ini sa sintaktikong categoryang kinabibilangan ng salitang nine-negate nito. Kumbaga, ang negasyon ay isang "categorically-constrained" na lingguwistikong phenomenon. Categorically-constrained, ayon kay Zubiri, batay sa mga natural classes o ontolohikal na mga categorya na kinabibilangan ng mga salita (Zubiri, 2012).

Kung babalikan si Croft (1991, p. 55), ang natural classes/ mga ontolohikal na categoryang Obheto at Aksyon ay may mga prototipikal na pragmatikong punsyon ng Reperensiya (Reference) at Predikasyon (Predication) na siyang pinakamadalas makodigo sa mga sintaktikong categoryang pangngalan at pandiwa. Lumilinya sa dalawang pragmatikong punsyon na ito ng Reperensiya at Predikasyon ang mga nagiging saklaw ng negasyon:

Frequency ng mga praseng kinaiiralan ng mga pandiwa sa posisyong pang-argumento

Nasabi kaninang nagsagawa na si Nolasco ng frequency count ng mga konstruksyon kung saan umiiral ang mga pandiwa sa mga posisyong pang-argumento. Sa pagsasabing "posisyong pang-argumento",

Ontolohikal na Kategoriya	Pragmatikong Punsyon	Sintaktikong Kategoriya	Uri ng Negasyon	Zorc (1977)	Rafael (1976)	Law (1997)
Obheto	Reperensiya	Pangngalan	<i>bukon,</i>	predicative,	NEG [State], NEG [Desiderative]s	Description, Classification, Identification, Quantification, Time, Location Nonverbal Clause Types
Aksyon	Predikasyon	Pandiwa	<i>waya</i>	existential	NEG [Event]s, NEG [Existential]s	Non-Existence, Non-Possession
			<i>ayaw</i>	prohibitive	Prohibitive	Negative Imperative with Semantically Transitive Verb without Second Person Pronoun (Theme Focus)
			<i>indi</i>	future preverb	NEG [Event]s, NEG [Desiderative]s, Prohibitive	Negative Imperative with Semantically Intransitive Verb and Second Person Pronoun

Talahanayan 10. Paglilinya ng mga Ontolohikal na Kategoriya, Pragmatikong Punsyon, Sintaktikong Kategoriya, Salitang Pangnegatibo, at Pagsusuri ng mga Iskolar

ang tinutukoy ay iyong mga sintaktikong posisyong prototipikong kinaiiralan ng mga pangngalan. Nasabi na ring, base sa isinagawang frequency count ni Nolasco, madalang lamang at sa mga markadong uri ng konstruksyon makikita ang mga kasong ito.

Sinusupportahan ito ng datos mula sa Romblomanon/Ini. Sa isinagawang concordance ng lahat ng praseng ipinakikilala ng mga pantukoy na *ang*, *ng*, *ning*, at *sa*, lumitaw ang mga sumusunod na bilang ng pag-iral/ "hits" :

Prase	Hits
<i>ang</i>	663
<i>ng</i>	552
<i>ning</i>	117
<i>sa</i>	772

Talahanayan 11. "Hits" para sa mga praseng ipinakikilala ng *ang*, *ng*, *ning*, at *sa*

Sa mga pangkalahatang bilang ng pag-iral na ito, iilan lamang ang kakikitaan ng mga pandiwa:

Prase	Hits
<i>ang</i>	66
<i>ng</i>	12
<i>ning</i>	2
<i>sa</i>	16

Talahanayan 12. Bilang ng mga kaso ng pag-iral ng pandiwa sa mga posisyong pang-argumento

Kitang-kita na napaka-marginal ng pag-iral ng mga sinasabing pandiwang-nasa-posisyong-pang-argumento sa corpus na nakalap para sa pag-aaral na ito. Para sa mga namamarkahan ng *ang*, ito'y nasa 9.95%. Iilan sa mga halimbawa para rito ay *ang nagabisikleta* 'ang nagbibisikleta' (HMB_Pear_Story), *ang ginadaya* 'ang dinadala' (Berano, 2013, p. 33), atbp. Para naman sa mga namamarkahan ng *ng*, ito'y nasa 2.17% hal., *ng mga nagabasa* 'ng mga nagbabasa' (Berano, 2013, p. 2), *ng mga nagasiro* 'ng mga nagbabantay' (Berano, 2013, p. 24), atbp. Sa mga namamarkahan ng *ning*, 1.71%, hal., *ning indi basta-basta nakakadtuan* 'ng hindi basta-basta napupuntahan' (AMS_Giving_Directions), *ning (kwan) maihahambay* 'ng (kuwan) masasabi' (DPM_Self_Introduction).

At para sa mga namamarkahan ng *sa*, 2.07%, hal., *sa nagatipon-tipon* ‘sa nagtitipon-tipon’ (Berano, 2013, p. 38), *sa ginaswerte-swerte* ‘sa sinusuwerte-suwerte’ (AMS_Self_Introduction), atbp.

Ano ang mahihita mula sa mga estadistikang ito? Mukhang—kahit na para pa lamang sa kasalukuyang corpus ng Romblomanon/Ini—sa mga napaka-espesyal lamang na mga pagkakataon gumagamit ang mga speaker ng naturang wika ng mga pandiwa sa ganitong mga di-prototipikal na sintaktikong posisyon. Ano, kung gayon, ang mga napaka-espesyal na pagkakataong ito?

Mga konstruksiyong cleft at pseudo-cleft

Halos lahat ng mga konstruksiyong kinaiiralan ng mga pandiwang-nasa-posisyong-pang-argumento ay nabibilang sa klase ng mga konstruksiyong kinaklasipika bilang “cleft” o “pseudo-cleft”.

Sa pinaka-esensyal nilang karakterisasyon, ang mga cleft at pseudo-cleft ay mga “identifying construction” (Collins, 1991, p. 2) na binubuo ng dalawang constituent. Ang unang constituent ay naglalaman ng isang itinatampok na elemento na malimit tawagin sa iba pang mga pag-aaral na “focus”. Ang iba pang katawagan dito ay “highlighted element” ayon kay Collins (1991, p. 2) o “focal element” ayon kay DeClerck. (1984 sinipi ni Hodder, 1999, p. 36) Ang pangalawang constituent naman ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa itinatampok na elemento. “Presupposition” naman ang madalas itawag dito. “Variable” naman ang termino para rito ni DeClerck samantala, “relative clause” ang tawag dito ni Collins dahil, sa Ingles, nasa porma ng isang relatibong klosa ang pangalawang constituent na ito. Isa pang tawag sa pangalawang constituent ay ang “identified”, bilang katuwang ng “identifier” na unang constituent (DeClerck, 1984 sinipi ni Hodder, 1999, p. 36). Sa papel na ito ay gagamitin ang mga terminong “identifier” at “identified” upang tumukoy sa naturang dalawang elemento ng pangungusap.

Tingnan natin ang sumusunod na halimbawa ng isang konstruksiyong cleft sa Romblomanon/Ini:

(44) ang mga kristiyano
 ang mga Kristiyano
 ABS PL Kristiyano

ang nagadaog sa inda pag-inaway
ang naga-daog sa inda pag-in-away
 ABS INTR.IPFV-talo OBL 3PL.GEN STEM-RECIP-away
 ‘Ang mga Kristiyano ang nananalo sa kanilang pag-aaway.’

(Berano, 2013, p. 24)

Isa ring madalas na marinig na katawagan sa mga cleft/pseudo-cleft na konstruksyon sa mga WP ay mga “*ang-ang construction*”. Ito ay dahil sa binubuo sila, sa kaso ng Tagalog at Romblomanon/Ini at ilan pang wika, ng dalawang praseng ipinakikilala ng *ang*. Sa (45) sa itaas, ang argumentong *mga kristiyano ang focus*, ang itinatampok na elemento. Samantala, ang *naga-daog sa inda pag-inaway* ang presupposition, ang impormasyong ipinapahayag ukol sa nakatampok na elemento.

Ang diskurso-pragmatika ng mga konstruksyong cleft at pseudo-cleft

Sang-ayon kay Marianne Mithun, ang pagkakasunod-sunod ng mga constituent (≈word-order) ay mas nakadepende sa kanilang mga pragmatikong gamit kaysa sa kanilang mga sintaktikong gamit (Mithun, 1992 sinipi ni Rosero, 2011, p. 7).

Sunod sa prinsipyong ito, tinitingnan ang mga cleft at pseudo-cleft bilang mga “pragmatically-marked” na konstruksyon. Markado ang natatanging kaayusan ng mga constituent sa mga cleft/pseudo-cleft sa basehan ng kanilang diskurso-pragmatikong mga gamit. Ang mga diskurso-pragmatikong gamit na ito ng mga constituent na bumubuo sa mga cleft/pseudo-cleft ay nag-aambag sa mga partikular na “communicative meaning” (Collins, 1991, p. 75) nila. Subalit, sa pangkalahatan, makakarakterisa ang konstruksyong cleft/pseudo-cleft bilang kasangkapan ng isang speaker -ng Romblomanon/Ini, halimbawa- na maipahayag ang impormasyong nais niyang ipahayag **nang may pagkukunsidera sa impormasyong alam na/maaaring hindi pa alam ng kaniyang (mga) kausap** (Collins, 1991, p. 76).

Ang impormasyon sa diskurso ay maaaring iuri bilang lumang impormasyon –bigáy (given) o naisasalba (recoverable) mula sa konteksto –at bagong impormasyon (Collins, 1991, p. 80). Bilang halimbawa, tingnan ang sumusunod na sipi mula sa artikulong pinagkunan ng konstruksyong cleft sa (45):

(45) *Ang Comedia sa Romblon*

...

*Ang comedia hay isa ka-semana nga paluwas sa entablado nga kung diin gina drama-drama ang pag-inaway kag pag-nilabanan ng mga moro kag mga kristiyano para maangkon ang isa nga kaharian kaibahan ang isa nga gwapa nga prinsesa. Sa katapusan ng paluwas, **ang mga kristiyano ang nagadaog sa inda pag-inaway**. Ang paluwas hay ginatunaan ning isa nga parada palibot sa banwa. Tanan nga mga tawohan hay ga-parada suksok ang inda mayo-ayo nga mga bisti nga baro kag uniporme. Sa inda pagparada makikita ang isa nga paskin (clown), higante nga may maskara, buktot nga tawo kag mga bida kag kontrabida ng paguwa. Ini sinda hay ginasundan ng banda (mga*

musikero) nga imaw ang naga-tukar o naga-sonata sa inda pagpaluwas.

...

Ang comedia ng una hay ginabantayan gid ng mga taga bukid kada piyesta. Gabaktas pa sinda halin sa malayo nga baryo para lang makatan-aw. Ang comedia ang una nga paguwa nga nagatao kalipay sa mga taga-Romblon ng una nga tiyempo. (Berano, 2013, p. 24)

'...Ang comedia ay sanlinggong palabas sa entablado na kung saan dina-drama-drama ang pag-aaway at paglalabanan ng mga Moro at mga Kristiyano para maangkin ang isang kaharian kasama ang isang magandang prinsesa. Sa katapusan ng palabas, **ang mga Kristiyano ang nananalo sa kanilang pag-aaway.** Ang palabas ay sinisimulan ng isang parada palibot sa bayan. Lahat ng mga tauhan ay pumaparada suot ang kanilang magagandang mga baro at uniporme. Sa kanilang pagparada makikita ang isang payaso, higanteng may maskara, kuba at mga bida at kontrabida ng dula. Ito sila ay sinusundan ng banda (mga musikero) na mismong nagpapatugtog o nagso-sonata sa kanilang pagpalabas... Ang comedia noong una ay inaabangan talaga ng mga taga-bukid kada piyesta. Naglalakbay pa sila galing sa malayo na baryo para lang makanood. Ang comedia ang unang dula na nagbibigay kasiyahan sa mga taga-Romblon noong unang panahon.'

Sa unang bahagi ng kapisaso ng teksto sa (46), ipinakilala na ang comedia bilang pagsasadula ng sagupaan ng mga Muslim at Kristiyano sa kasaysayan. Naestablisa na ang mga kalahok sa sagupaang ito: ang mga Muslim at ang mga Kristiyano. Pagdating sa konstruksyon sa (45), naghahain na ng bagong impormasyon tungkol sa isa mga magkatunggali ang manunulat; ito ay ang pagpapakita ng pagtatagumpay ng mga Kristiyano sa pagsasadulang ito. Samakatuwid, ang bigáy na impormasyon ay *ang mga Kristiyano* at ang bagong impormasyon ay *ang nagadaog sa inda pag-inaway.*

Suriin pa natin ang isang halimbawa ng konstruksyong cleft, mula naman sa isang artikulo tungkol sa Naguso, sa Romblon:

(46) Naguso, "Atis Kapital ng Romblon"

by: Obet Madera

*Kung gusto mo makatilaw ning naiiba nga tam-is ng atis, tilawi ang atis ng Naguso. Sigurado guid nga maluluyagan mo ini. **Imaw ini ang ginahambay ng mga regatonero sa moro pag may gapangita kag gusto magbakay ning atis sa inda.***

'Kung gusto mo makatikim ng naiibang tamis ng atis, tikman ang atis ng Naguso. Sigurado talagang magugustuhan mo ito.' **Ito mismo ang sinasabi ng mga regatonero sa moro 'pag may naghahanap at gustong bumili ng atis sa kanila.'** (Berano, 2013, p. 32)

Kaiba naman sa naunang halimbawa (45), ang identifier sa konstruksyong cleft sa (47) ay isang demonstratibo: *imaw ini*. Anaporiko ang salitang ito at ang reperente ay ang buong pangungusap na nakapanipi na ginamit upang simulan ang artikulo. Kung gayon, maituturing pa rin ang identifier na *imaw ini* bilang bigáy na impormasyon. Ang bagong impormasyon sa konstruksyong cleft na ito ay ang identified na *ang ginahambay ng mga regatonero sa moro pag may gapangita kag gusto magbakay ning atis sa inda*. Ang bagong impormasyong ipinakilala nito sa diskurso ay ang katotohanang ang mga regatonero ang nagsasabi ng mga katagang ito sa mga naghahanap at gustong bumili ng atis.

Pagbubuod

Kinarakterisa ang mga uri ng pragmatically-marked na mga konstruksyong tinatawag na cleft at pseudo-cleft. Sila ay pragmatically-marked dahil ang kanilang espesyal na status bilang mga konstruksyon ay nagmumula sa espesyal nilang diskurso-pragmatikong mga katangian. Napakahalaga ng interaksyon ng bigáy at bagong impormasyon bilang motibasyon sa paggamit ng mga speaker sa natatanging konstruksyong ito.

Ngayon ay balikan natin ang pinakaunang halimbawa sa papel na ito:

- | | | | |
|------|---|---------------|---------------------------|
| (47) | Pagkatapos ng contest | gina-anunsiyo | ang mga nagpang-daog. |
| | pagka-tapos ng contest | gina-anunsiyo | ang mga n(p)ag-paN-daog |
| | COMPL-tapos GEN contest | IPFV-anunsiyo | ABS PL INTR.PFV-STEM-talo |
| | 'Pagkatapos ng contest inaanunsiyo ang mga nanalo.' | | |

(Berano 2013, p. 20)

Kahit na hindi ito maituturing na konstruksyong cleft, kakikitaan pa rin ito ng mga partikular na diskurso-pragmatikong motibasyon sa pagpapairal ng pandiwang *nagpang-daog* sa sintaktikong posisyong kinaiiralan ng *ang mga*. Balikan natin ang nabanggit na konsepto ng “presupposition”, na iniiba ni Collins sa konsepto ng bigáy na impormasyon. Naiiba, aniya, ang presupposition sa bigáy na impormasyon dahil tumutukoy ang bigáy na impormasyon sa mga indibiduwal na yunit ng impormasyong naipakilala na sa kamalayan ng mga kalahok sa diskurso. Iba ito sa presupposition na isang proposisyon na kinakailangang maging totoo at magagap ng tagatanggap ng mensahe sa diskurso upang maintindihan niya ang isang pangungusap (Collins, 1991, p. 93). Sa (48), ang proposisyong kinakailangang maging totoo na sa sinumang magbabasa ng pangungusap na iyon ay ito: **Sa**

anumang contest ay may nananalo (at mayroon din, siyempreng, natatalo).

Makikitang hindi tukóy – at maaaring, hindi ganoon kahalaga – kung sino ang mga partikular na taong nanalo sa pinag-uusapang contest. Mas mahalaga ang katotohanang *nanalo sila*. Higit pa rito, upang maging matagumpay ang interpretasyon ng mambabasa sa naturang pangungusap, kinakailangang maging totoo na sa kaniya kung paano gumagana ang mga contest, na may mananalo talaga sa mga ito – ang presupposition.

Muli, inihahain ito bilang ebidensya na pabor pa rin sa pag-iiba ng pangngalan at pandiwa sa Romblomanon/Ini sa antas ng sintaktikong distribusyon. Sa pagsusuri nina Himmelmann, Gil, at Foley ay hindi nabigyang-konsiderasyon ang napakahalagang mga diskurso-pragmatikong salik ng paglitaw ng mga pandiwa-sa-posisyong-pang-argumento.

Wala namang pagkukubli na posible ang mga inihahaing halimbawa ni Gil tulad ng sa (49) at (50):

(48) Pinatay ang bumalik
“The one who returned was killed”

(49) Mapayat ang mabait
“The kind one is thin”

(Gil, 1993a, p. 394)

Subalit, bukod sa madalang ang paglitaw ng mga ganitong uri ng prase – na makikita, halimbawa, sa mga cleft at pseudo-cleft –, may mga partikular na komunikatibong pangangailangang silang ginagampanan at hindi lamang basta-basta nagsasalpak ng mga pandiwa sa mga posisyong pang-argumento ang mga speaker. Sa mga pagkakataong nagagawa nila ito, maaaring ibaling ang atensyon sa mga motibasyong diskurso-pragmatiko (at ang kaangkupan ng mga estrukturang pinag-aaralan para kargahin ang mga punsyong ito). Sa huli ay hindi basta-basta masasabing “anything can go anywhere”.

Kongklusyon at mga Maaaring Tahaking Direksyon

Naiharap sa papel na ito ang ilang ebidensyang pabor sa pag-iiba ng mga sinaktikong kategoryang *pangngalan* at *pandiwa* sa Romblomanon/Ini.

Una rito ang ebidensya sa mga praseng kinairalan ng mga pantukoy na *si*, *ni*, at *kay*. Isinusulong sa papel na ito ang pagsusuri sa mga pantukoy na ito, hindi lamang bilang mga tagapagmarka ng mga argumentong kayang pumapel sa mga espesipikong semantikong

gampanin gaya ng pinagmulan ng aksyon o pinakaapektadong entidad, kundi pati na rin bilang mga ulo ng prase. Iginigiit na sila ang ulo, imbis na ang katabi nilang salitang-pangnilalaman, dahil sila ang nagdidikta ng kalikasan ng praseng kanilang kinaiiralan. Ito'y may kaugnayan sa gamit ng *si*, *ni*, at *kay* na tumukoy sa napaka-restricted na set ng mga argumento: mga personal na mga pangngalan lamang.

Mabubuksan ng ganitong pagsusuri ang suliranin sa mga praseng *walang* pantukoy katulad ng 1.) classificatory/indefinite predicate hal., *Board of Director ako ng ROMELCO* '(Miyembro) ako ng Board of Directors ng ROMELCO [Romblon Electric Cooperative, Inc.]' (ERM_Self_Introduction), 2.) nominal pagkatapos ng existential hal., *may rason ang imo pagpanaw* 'May rason ang iyong paglisan' (Berano, 2013, p. 62), at 3.) mga praseng quantifier katulad ng *damu nga tawo ang gindakop kag ginpreso* 'maraming tao ang dinakip at ikinulong' (Berano, 2013, p. 10). Sa preliminaryong pagsipat, masasabing bumabalik sa mga salitang-pangnilalaman ang pagiging ulo ng prase sa mga ganitong pagkakataon dahil sa tatlong nabanggit na uri ng konstruksyon, mababa ang reperensyalidad ng mga pangngalang *Board of Directors* (tumutukoy lamang sa kinabibilangang organisasyon ng tao), *rason* (di-espesipikado ang rason, basta't mayroon nito), at *tawo* (di-espesipikado kung sino ang mga taong ito, basta't ang sinasabi'y marami sila).

Ikalawa ang ebidensyang may kaugnayan sa mga salitang pangnegatibo. Bagaman nagkakaiba ang pagsusuri ng iba't ibang lingguwista sa mga gamit ng mga salitang *bukon/bukun*, *waya*, *ayaw*, at *indi*, pundamental sa kalikasan ng mga salitang ito ang pagiging "categorically-constrained" ng kanilang pag-iral. Tinatrato ng kasalukuyang pag-aaral ang ganitong kalikasan ng mga salitang pangnegatibo bilang pagpapahiwatig ng alignment ng mga ontolohikal/kognitibong categoryang Obheto at Aksyon sa mga sintaktikong categoryang *pangngalan at pandiwa*.

Panghuli, nagkaroon ng pagdulog sa datos na kuwantitatibo ukol sa pag-iral ng mga pandiwa sa mga posisyong pang-argumento. Ang mga naturang konstruksyon kasi ang malimit ibandera nina Himmelman, Gil, at Foley upang isulong ang tesis na "anything can go anywhere". Ngunit, sa napakadalang na mga pagkakataon na lumilitaw ang mga naturang uri ng konstruksyon, makikitang may mga espesyal na motibasyon ang mga speaker ng Romblomanon/Ini sa paggamit sa kanila. Ang mga pagkakataong ito, halimbawa na lamang sa mga konstruksyong cleft at pseudo-cleft, ay may mga partikular na diskurso-pragmatikong motibasyon at gumagampan sa mga partikular na kahingiang komunikatibo ng mga speaker.

Gaya ng nasabi sa introduksyon ng papel, nilimitahan ang multi-

criter

ial na pag-iiba sa dalawa munang sintaktikong kategorya na may malinaw na pinakamatagal na historikal na basehan sa lingguwistikong tradisyon ng Kanluran. Ngunit isang produktibong ehersisyo rin kung mailalapat sa iba pang pag-aaral ang mga pamantayan sa paghinuha kung mayroon ding mga kategorya gaya ng pang-uri (adjective) o maging mga pang-abay (adverb). Gaya ng sinabi ni De Guzman (1996, p. 315), ang paghinuha sa mga sintaktikong kategorya sa isang multi-criterial na paraan ay makapagbibigay sa atin ng produktibong paraan upang ipagkompara ang mga wikang Pilipinas gaya ng Tagalog at Romblomanon/Ini sa iba pang mga wika sa tipolohikal na antas.

Mga Reperensiya

- Abney, S. P. (1987). *The English Noun Phrase in Its Sentential Aspect*. Disertasyon. Indiana University.
- Ayala, S. R., Cahilig, D. S., Malitao, K. G., & Tricano, J. (2019). *Notes on the Grammar of San Agustin Romblomanon*. Manuskrito. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Belita, A. R., et al. (2014a). Some notes on Ini (Romblomanon) phonology. Manuskrito. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Belita, A. R., et al. (2014b). Some notes on the verbal constructions of Ini (Romblomanon). Manuskrito. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Bickel, B., Comrie, B., & Haspelmath, M. (2015). *The Leipzig Glossing Rules: Conventions for interlinear morpheme-by-morpheme glosses*. Max Planck Institute for Evolutionary Anthropology Department of Linguistics. <https://www.eva.mpg.de/lingua/resources/glossing-rules.php>.
- Blust, R. (1991). The Greater Central Philippines Hypothesis. *Oceanic Linguistics* 30(2), 73-129.
- Berano, H. M. (2013). *Hutik ng taguipusoon*. Quadtone Publishing.
- Chafe, W. (1975). *The Pear Film* [Film]. University of California at Berkeley.
- Ceña, R. & Nolasco, R. M. D. (2011). *Gramatikang Filipino: Balangkas*. University of the Philippines Press.
- CLUP Technical Working Group. (2008). *Comprehensive Land Use Plan and Zoning Ordinance 2008-2018*. Munisipalidad ng Romblon, Lalawigan ng Romblon.

- Collins, P. C. (1991). *Cleft and pseudo-cleft constructions in English*. Routledge: London.
- Croft, W. (1991). *Syntactic categories and grammatical relations: The cognitive organization of information*. University of Chicago Press.
- De Guzman, V. (1996). Lexical Categories in Tagalog. *Pan-asiatic Linguistics (Proceedings of the Fourth International Symposium on Language and Linguistics)* 1, 307-321.
- Eberhard, D. M., Simons, G. F., & Fennig, C. D. (2022). *Romblomanon*. Ethnologue: Languages of the World. <https://www.ethnologue.com/language/rol>.
- Esquejo, K. R. (2015). *PU-OD ROMBLON: Mga Sanaysay Tungkol sa Kasaysayan at Kultura ng Lalawigang Kapuluan*. Limbagang Pangkasaysayan.
- Foley, W. (1998). Symmetrical voice systems and precategoriality in Philippine languages. Manuskrto. <http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/>
- Gil, D. (1993a). Syntactic categories in Tagalog. *Pan-Asiatic Linguistics (Proceedings of the Third International Symposium on Language and Linguistics)* 3, 1136-1150.
- Gil, D. (1993b). Tagalog semantics. *Proceedings of the Nineteenth Annual Meeting of the Berkeley Linguistics Society: General Session and Parasession on Semantic Typology and Semantic Universals*, 390-403.
- Himmelman, N. (1991). The Philippine challenge to universal grammar. *Sprachwissenschaft Arbeitspapier Nr. 15. Institut für Sprachwissenschaft. Universität zu Köln*. <http://publikationen.ub.uni-frankfurt.de/frontdoor/index/index/docId/2433>.
- Himmelman, N. (2008). Lexical categories and voice in Tagalog. *Voice and Grammatical Relations in Austronesian Languages*, 247-293.
- Hodder, B. (1999). Functions of cleft constructions in expository and hortatory discourse in Mayoyao Ifugao. *Philippine Journal of Linguistics*, 31-74.
- Law, R. (1997). *The Romblomanon grammar essentials sketch*. <http://romblomanon.net/en/grammar>.
- Lobel, W. J. (2002). *An introduction to the languages of Romblon*. http://sanrokan.com/newsanrokan/archives/jul8/feature_lobel.htm.
- Mithun, M. (2000). Noun and verb in Iroquoian languages: Multiple categorisation from multiple criteria. *Approaches to the Typology*

- of Word Classes*. Mouton de Gruyter.
- Munisipalidad ng Romblon. (2012). *Biniray Festival 2012*.
Munisipalidad ng Romblon, Lalawigan ng Romblon.
- Newell, L. (2006). *Romblomanon dictionary*. Summer Institute of Linguistics.
- Nolasco, R. M. D. (2003). *Ang pagkatransitibo at ikinaergatibo ng mga wikang Pilipino: Isang pagsusuri sa sistemang boses*. Disertasyon. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Nolasco, R. M. D. (2006). ANO ANG S, A AT O SA MGA WIKANG PILIPINAS?. Manuskrito. Ika-9 na Kongreso ng Lingguwistika sa Pilipinas. Enero 25-27, 2006. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. <http://wika.pbworks.com>.
- Nolasco, R. M. D. (2014). *Ang pagiging maka-layon ng mga wika sa Pilipinas: Ilang bagong pagsusuri tungkol sa gramatikang Pilipino*. Manuskrito. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Rafael, T. C. (1976). *Negativization in the Visayan languages and dialects: A case study of the evolution of a subsystem*. Ateneo-Philippine Normal College.
- Reid, L. (2002). Determiners, nouns or what? Problems in the analysis of some commonly occurring forms in Philippine languages. *Oceanic Linguistics* 41 (2). 295-309.
- Rosero, M. W. (2011). *Multiple motivations for preposing in Philippine languages*. Papel na binasa sa Ika-11ng na Kongreso ng Lingguwistika sa Pilipinas. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Santos, L. P. (1939). *Balarila ng wikang pambansa*. Surian ng Wikang Pambansa.
- Zorc, D. P. (1977). *The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction*. Pacific Linguistics Series C No. 44. The Australian National University.
- Zubiri, L. A. (2012). *It's not what you think it is: Syntactic categories through the lens of negation*. Papel na ipinirisinta sa *Twelfth International Conference on Austronesian Linguistics*. Udayana University, Bali, Indonesia.

Mga Daglat (halaw kina Bickel, Comrie, & Haspelmath, 2015)

1 - First Person	ERG - ergative
2 - 2nd Person	EXIS - existential
3 - 3rd Person	GEN - genitive
-- morpheme boundary	HAPP - happenstance
< > - infix boundary	INTR - intransitive
= - clitic boundary	IMP - imperative
. - one-to-many correspondence	IPFV - imperfective
ABS - absolutive	LNK - linker
APPL - applicative	N - progressively-assimilated nasal
ASSC - associative	NP - noun phrase
CAUS - causative	OBL - oblique
COM - comitative	PFV - perfective
COMPL - completive	PL - plural
COND - conditional	PS - personal
CONJ - conjunction	PROG - progressive
DEF - definite	PROX - proximal
DEIC - deictic	PRT - particle
DEM - demonstrative	QUA - quantifier
DIST - distal	SG - singular
DM - discourse marker	STAT - stative
DUB - dubitative	STEM - stem-forming affix
ENUM - enumerative	TR - transitive